**Distrito 1**
**Equal Employment Opportunity (EEO) Office**
1656 Union Street
Eureka, CA 95501
(707) 445-5318

**Distrito 2**
**EEO Office**
1657 Riverside Drive
Redding, CA 96001
(530) 225-3055

**Distrito 3**
**EEO Office**
703 B Street
Marysville, CA 95901
(530) 741-7130

**Distrito 4**
**EEO Office**
P.O. Box 23660, MS 6A
Oakland, CA 94623
(510) 286-5871

**Distrito 5**
**EEO Office**
50 Higuera Street
San Luis Obispo, CA 93401
(805) 549-3037

**Distrito 6**
**EEO Office**
1352 West Olive Avenue
Fresno, CA 93728
(559) 444-2522

**Distrito 7**
**EEO Office**
100 S. Main Street
Los Angeles, CA 90012
(213) 897-0797

**Distrito 8**
**EEO Office**
464 West 4th Street,
MS 1249
San Bernardino, CA 92401
(909) 383-6396

**Distrito 9**
**EEO Office**
500 S. Main Street
Bishop, CA 93514
(760) 872-0752

**Distrito 10**
**EEO Office**
1976 East Dr. Martin Luther
King Jr. Blvd.
Stockton, CA 95205
(209) 948-3911

**Distrito 11**
**EEO Office**
4050 Taylor Street, MS 251
San Diego, CA 92110
(619) 688-4249

**Distrito 12**
**EEO Office**
1750 East 4th Street,
Suite 100
Santa Ana, CA 92705
(657) 328-6595

**Headquarters**
**Titulo VI Coordinator**
1823 14th Street, MS 79
Sacramento, CA 95811
(916) 324-8379

## Ang kasulatan na ito ay maaaring makuha sa mga alternatibong paraan:

Braille
Malaking printa
Computer disc
Audio na bersyon o sa ibang wika kapag hiniling sa pamamagitan ng pagtawag sa Office of Business & Economic Opportunity ng Caltrans
(916) 324-8379
711 (TTY)


Caltrans

Jan 2017
Tagalog

# Caltrans at Ikaw

## Ang Iyong Mga Karapatan Alinsunod sa Titulo VI at Mga Nauugnay na Batas

**Idinisenyo ang polyeto na ito upang maipaalam sa iyo ang mga kinakailangan ng Titulo VI ng Karapatang Pangmamayan ng 1964 at ang iyong mga karapatan.**



# Ano ang Titulo VI?

## Ang Titulo VI ay isang probisyon ng batas ng Karapatang Pangmamayan ng 1964.

Nakasaad sa Titulo VI (Sec. 601) ng Karapatang Pangmamayan ng 1964 na:

*"Walang sinumang tao sa Estados Unidos ang maaaring hindi isali, hindi bigyan ng mga benepisyo o idiskrimina sa anumang programa o aktibidad na tumatanggap ng tulong pinansyal mula sa Pamahalaang Pederal batay sa kanyang lahi, kulay o pinagmulang bansa." (42 U.S.C. Sec. 2000d)*

Bukod pa rito, nakasaad sa Executive Order 12898, ang Federal Actions to Address Environmental Justice in Minority Populations and Low-Income Populations ng 1994, na:

*"Ang layunin ng bawat ahensya ng Pamahalaang Pederal ang pagkakaroon ng environmental justice (patas na pakikitungo sa mga tao) sa pamamagitan ng pagtukoy at pagtugon, kung naaangkop, sa matitindi at hindi kanais-nais na epekto ng mga programa, patakaran at aktibidad para sa mga taong nasa minorya at mga taong may mababang sahod."*

Ang mga nauugnay na batas ay nagbibigay ng proteksyon laban sa diskriminasyon na batay sa kasarian, edad, o kapansanan sa mga programang tumatanggap ng tulong pinansyal mula sa Pamahalaang Pederal.

## Ano ang ibig sabihin nito?

Ang ibig sabihin nito ay pinagsisikapan ng Caltrans na tiyaking magkakaroon ng paraan at magagamit ng sinumang tao ang lahat ng programa, serbisyo o benepisyo mula sa anumang aktibidad ng Caltrans anuman ang kanyang lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad, o katayuan sa lipunan.

Hindi pahihintulutan ng Caltrans ang diskriminasyon ng isang empleyado ng Caltrans o ng mga tatanggap ng mga pondo ng Pamahalaang Pederal gaya ng mga lungsod, county, kontratista, kasangguni, tagapagtustos, unibersidad, kolehiyo, ahensya sa pagpaplano at iba pang mga tatanggap ng mga pantulong na pondo ng Pamahalaang Pederal para sa mga daanan.

Ipinagbabawal ng Caltrans ang lahat ng uri ng kasanayang nagpapakita ng diskriminasyon na maaaring magresulta sa:

- **Hindi pagbibigay sa sinumang indibiduwal ng anumang ibinibigay na serbisyo, tulong pinansyal, o benepisyo sa programa kung saan siya karapat-dapat;**
- **Magkakaibang pamantayan o kinakailangan para sa pakikilahok;**
- **Paghihiwa-hiwalay o ibang pakikitungo sa anumang bahagi ng programa;**
- **Mga pagkakaiba sa kalidad, dami, o paraan ng pagbibigay sa benepisyo;**
- **Diskriminasyon sa anumang mga isinasagawang aktibidad sa pasilidad na itinayo gamit ang lahat o ang ilan sa mga pondo ng Pamahalaang Pederal.**

Upang matiyak ang pagsunod sa Titulo VI, mga nauugnay na batas at sa Presidential Executive Order tungkol sa Environmental Justice, gagawin ng Caltrans ang sumusunod:

- **Iwasan o bawasan ang mga mapaminsalang epekto sa kalusugan ng tao at sa kalikasan sa mga taong nasa minorya at mga taong may mababang sahod;**
- **Tiyaking ganap at patas na makikilahok ang lahat ng komunidad, kasama ang mga taong may mababang sahod at ang mga taong nasa minorya sa proseso ng pagpapasya sa transportasyon;**
- **Pigilan ang pagtanggi, pagbabawas, o kapansin-pansing pagkaantala sa pagtanggap ng mga benepisyo ng mga taong nasa minorya at ng mga taong may mababang sahod.**

Bukod pa rito, ang anumang kapisanan na tatanggap, kasama ang ngunit hindi limitado, sa mga Metropolitan Planning Organization, lungsod at county, na tumatanggap ng tulong pinansyal mula sa Pamahalaang Pederal ay may responsibilidad na ipatupad ang programa at mga aktibidad nito nang walang pagsaalang-alang sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad, kapansanan, o katayuan sa lipunan.

## Mga Benepisyo at Serbisyo

Ang layunin ng Caltrans na magbigay sa mga mamamayan ng California ng isang ligtas, mahusay at epektibong inter-modal na sistema ng transportasyon. Ang lahat ng ginagawa ng Caltrans ay naglalayong makatulong sa mga pangangailangan sa transportasyon ng lahat ng mamamayan ng California, anuman ang kanilang lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad, kapansanan, o katayuan sa lipunan.

## Nilalabag ba ang iyong mga karapatan?

Kung sa palagay mo ay nakaranas ka ng diskriminasyon dahil sa iyong lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad, o kapansanan, maaari kang maghain ng isang nakasulat na reklamo sa Equal Employment Opportunity (EEO) Office ng Caltrans. May mga EEO office sa mga distrito sa buong estado. Makikita ang mga address at numero ng telepono sa likod ng polyeto na ito. Ang mga reklamo tungkol sa Titulo VI ay ipapadala sa Sacramento para masiyasat ng Caltrans Office of Business & Economic Opportunity Title VI Program.

## Sino ang may responsibilidad na sumunod sa Titulo VI?

Ang lahat ng empleyado ng Caltrans at ang mga ipinapatupad na programa nito. Ang Title VI Program ng Office of Business & Economic Opportunity ng Caltrans ay patuloy na namumuno, gumagabay at nagbibigay ng teknikal na tulong upang matiyak na masusunod ang Titulo VI at ang Executive Order tungkol sa Environmental Justice.